# IMPORMASYON AT MGA INSTRUKSIYON TUNGKOL SA SERTIPIKO NG KAPANGANAKAN

IMPORMASYON:

*Ang itinatakdang pangalan para sa mga Mahahalagang Rekord (Vital Records) (tingnan ang mga item na 1C, 6C, 7C, (C at 12C) ay ang pangalan na ibinigay noong ipinanganak, o ang pangalan na natanggap sa pamamagitan ng pag-aampon, pagpapalit ng pangalan na iniutos ng hukuman, o naturalisasyon. Hindi puwedeng ipasok ang mga AKA (Also Known As o Kilala Rin Bilang) at mga pansamantalang ginagamit na pangalan bilang legal na pangalan sa rekord ng kapanganakan.*

MGA INSTRUKSIYON:

1. Magmula Hulyo 1, 2003, iyong LAMANG mga indibidwal na awtorisado ng Kodigo para sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code) Seksiyon 103526 ang puwedeng makakuha ng Sertipikadong Kopya ng rekord ng kapanganakan upang magtakda ng identidad ng nagpaparehistro (ang taong nakalista sa sertipiko). (Tinutukoy ng pahina 1 ang mga indibidwal na awtorisadong gumawa ng kahilingan.) Puwedeng makatanggap ang lahat ng iba pa ng Sertipikadong Kopya para sa Pagbibigay ng Impormasyon (Certified Informational Copy), na mamarkahan na, "Para sa Impormasyon, Hindi Dokumentong May Bisa Upang Mapatunayan ang Identidad."

   Kumpidensiyal na Impormasyon na nasa Rekord ng Kapanganakan: may ilang espesyal na pangangailangan ang ilang indibidwal para sa sertipiko ng kapanganakan na nagtataglay ng kumpidensiyal na impormasyon na ipinagkaloob noong inihanda ang rekord ng kapanganakan. Posibleng magamit ang kumpidensiyal na impormasyong ito upang patunayan ang etnisidad, magkaloob ng batayang impormasyon tungkol sa kalusugan, o para sa iba pang personal na dahilan. Para sa impormasyon kung paano makakukuha ng sertipiko ng kapanganakan na nagtataglay ng kumpidensiyal na impormasyon, pakitingnan ang seksiyon na Rekord ng Kapanganakan (Birth Record) ng website ng Departmento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) ng California sa: www.cdph.ca.gov. Iyon lamang espesipikong mga indibidwal ang puwedeng makakuha ng mga kumpidensiyal na kopya. Isumite ang inyong kahilingan at bayad ng direkta sa California Department of Public Health Vital Records - MS 5103, PO Box 997410 Sacramento, CA 95899-7410.
2. Kumpletuhin ang hiwalay na aplikasyon para sa bawat rekord ng kapanganakan na hinihiling.
3. Kumpletuhin ang seksiyon na Impormasyon Tungkol sa Apliakante (Application Information) na nasa Pahina 1 at ilagay ang inyong pirma kung saan nakasaad na dapat itong ilagay. Sa seksiyon na Impormasyon Tungkol sa Rekord ng Kapanganakan (Birth Record Information), ibigay ang lahat ng impormasyon na mayroon kayo upang matukoy ang rekord ng kapanganakan. Kung hindi kumpleto o mali ang impormasyong ibinigay ninyo, posibleng hindi namin mahanap ang rekord.
4. Kung inampon ang nakarehistro (registrant), gawin ang kahilingan sa pangalan sa pag-aampon (adopted name). Kung ipinanganak ang nakarehistro sa labas ng Estados Unidos at muling inampon sa California, markahan ang kahong "Oo (Yes)" at kumpletuhin ang aplikasyon gamit ang impormasyon sa pag-aampon. (Kung humihiling kayo ng kopya ng orihinal na sertipiko ng kapanganakan, kailangan ninyong magbigay ng kautusan ng korte na naglalabas sa orihinal na selyadong rekord.) Isumite ang inyong kahilingan at bayad ng direkta sa California Department of Public Health Vital Records - MS 5103, PO Box 997410 Sacramento, CA 95899-7410.
5. SINUMPAANG SALAYSAY (SWORN STATEMENT):

- Kailangang pirmahan ng awtorisadong indibidwal na humihiling ng sertipikadong kopya ang nakalakip na Sinumpaang Salaysay, na nagdedeklara sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, na kuwalipikado silang makatanggap ng sertipikadong kopya ng rekord ng kapanganakan, at kailangang tukuyin ang kanilang relasyon sa nakarehistro -- kailangang isa ang relasyon sa mga natukoy sa Pahina 1 ng aplikasyon.
- Kung isinusumite ang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, kailangang notarisado ang Sinumpaang Salaysay ng Notaryo Publiko ng US. (Para makahanap ng Notaryo Publiko, tingnan ang mga lokal na yellow pages, o tawagan ang inyong institusyon sa pagbabangko). Mangyaring tandaan: **Hindi tinatanggap ang mga pagkilala na isinagawa ng mga Notaryo Publiko sa labas ng USA. Kailangang isagawa ang Sinumpaang Salaysay sa harap ng Embahador, Ministro, Consul, Vice Consul o Consular Agent ng Estados Unidos, o sa harap ng anumang Hukom o Korte na may mga rekord(Judge or Court of record) at may seal o panatak sa ibang bansa na iyon. (CA CCP 2014)* Hindi nasasakop ang mga tagapagpatupad ng batas at ang mga lokal at pang-estadong ahensiya ng gobyerno sa itinatakdang pagpapanotaryo.
- Hindi ninyo kailangang magkaloob ng Sinumpaang Salaysay kung humihiling kayo ng Sertipikadong Kopya na Nagbibigay ng Impormasyon ng rekord ng kapanganakan.

6. Magsumite ng $29 para sa bawat kopyang hinihiling at sobre para sa pagsasauli na naka-address sa inyo at bayad na ang selyo. Kapag walang natagpuang rekord, kukunin pa rin ang singil na $29 para sa paghahanap ng rekord (ayon sa itinatakda ng batas) at bibigyan ang aplikante ng "Sertipiko ng Hindi Pagkakaroon ng Pampublikong Rekord." Isaad ang bilang ng mga kopya na hinihiling ninyo at isama ang tamang (mga) bayad) sa pamamagitan ng personal na tseke na nakalimbag na at may pangalan ng may hawak ng account mula sa bangko sa U.S.A, walang mga tseke mula sa ibang bansa o money order ng bangko (Internasyonal na Money Order para sa mga kahilingan mula sa labas ng bansa) at nakapangalan ang pagbabayad sa SF County Clerk. *MANGYARING MAGSUMITE NG TSEKE O MONEY ORDER - HUWAG MAGPADALA NG CASH (WALA KAMING PANANAGUTAN PARA SA MGA BAYAD NA CASH NA NAWALA, NAPUNTA SA IBA O HINDI NAIDELIBER)*. Kung kinakailangan ninyo ng return tracking (nasusundan ang pagsasauli) o garantisadong paghahatid ng inyong naisagawang order, kailangan ninyong magbigay ng bayad nang return air bill (dokumentong nagsasaad na nabayaran na ang pagbabalik) na naggagarantiya ng tracking at pagdedeliber, halimbawa, Federal Express, USPS Priority, UPS, o iba pa. Wala kaming responsibilidad para sa hindi pagkakadeliber, o hindi pagkakatanggap ng nagawa nang mga order ng inyong napiling paraan para sa return delivery (pagdedeliber pabalik sa inyo). Ipadala ang inyong nakumpleto nang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo na kasama ang (mga) bayad at sobre para sa pagbabalik sa inyo na may nakasulat nang address ninyo at bayad na ang selyo, sa SF County Clerk sa address na nasa ibaba.

SF County Clerk Vital Records
SF City Hall #168
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
www.sfgov.org/countyclerk

**Lungsod at County ng San Francisco Opisina ng Clerk ng County**

# APLIKASYON PARA SA SERTIPIKADONG KOPYA NG REKORD NG KAPANGANAKAN

PAKIBASA ANG IMPORMASYON AT MGA INSTRUKSIYON BAGO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYONG ITO

Bilang bahagi ng mga pagsusumikap sa kabuuan ng estado na mapigilan ang pagnanakaw ng identidad, pinahihintulutan lamang ng mga batas ng California (Kodigo para sa Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 103526) ang mga awtorisadong indibidwal na nakalista sa aplikasyon na makatanggap ng mga sertipikadong kopya ng mga rekord. Bibigyan ang lahat ng iba pa ng Sertipikadong Kopya para sa Pagbibigay ng Impormasyon (Certified Informational Copies) na may markang legend (ibig sabihin) na, "Para sa Pagbibigay ng Impormasyon, Hindi Dokumentong May Bisa upang Mapatunayan ang Identidad." Pakisaad ang uri ng sertipikadong kopya na hinihiling ninyo:

☐ Gusto ko ng Sertipikadong Kopya. Mapatutunayan ng kopyang ito ang identidad ng nakarehistro. (Upang makatanggap ng Sertipikadong Kopya, KAILANGAN NINYONG ISAAD ANG INYONG RELASYON SA NAKAREHISTRO sa pamamagitan ng pagpili mula sa listahan na nasa ibaba AT KUMPLETUHIN ANG NAKALAKIP NA SINUMPAANG T na nagpapahayag na kuwalipikado kayong makatanggap ng Sertipikadong Kopya. KAILANGANG NOTARISADO ang Sinumpaang Salaysay kung isinusumite ang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, maliban na lamang kung tagapagpatupad kayo ng batas o lokal o pang-estadong ahensiya ng gobyerno.)

☐ Gusto ko ng Sertipikadong Kopya na Para sa Pagbibigay ng Impormasyon. Ipi-print ang dokumentong ito nang may legend (paliwanag) sa harap ng dokumento na nagsasabing, "PARA SA PAGBIBIGAY NG IMPORMASYON, HINDI DOKUMENTONG MAY BISA UPANG MAPATUNAYAN ANG IDENTIDAD." (HINDI na kailangang magbigay ng Sinumpaang Salaysay).

Singil: $29 kada kopya (puwedeng bayaran sa Clerk ng Country ng SF) MANGYARING MAGBIGAY NG TSEKE (MULA SA BANGKO NA NASA USA, WALANG TATANGGAPING TSEKE MULA SA IBANG BANSA), MONEY ORDER, O CASHIER'S CHECK - HUWAG MAGPADALA NG CASH (Wala kaming pananagutan sa mga singil na binayaran ng cash at nawala, napunta sa iba, o hindi naideliber). Kapag walang natagpuang rekord, kukunin pa rin ang singil na $29 para sa paghahanap ng rekord (ayon sa itinatakda ng batas) at bibigyan ang aplikante ng "Sertipiko ng Hindi Pagkakaroon ng Pampublikong Rekord."

TANDAAN: Mga sertipikadong kopya ang dalawang dokumento ng orihinal na dokumento na nasa file (itinatagong mga papeles) ng aming opisina. Maliban na lamang sa legend at pagbubura ng mga pirma at Numero ng Social Security, nagtataglay ang mga dokumento ng parehong impormasyon.

Para makatanggap ng Sertipikadong Kopya, ako ay/ang:

☐ Nakarehistro (ang taong nakalista sa sertipiko) o magulang o legal na tagapatnubay ng nakarehistro (kailangang magbigay ng dokumentasyon ang legal na tagapatnubay).
☐ Partidong may karapatang makatanggap ng rekord bilang resulta ng kautusan ng korte (magsama ng kopya), o abugado o lisensiyadong ahensiya para sa pag-aampon na humihiling ng rekord ng kapanganakan upang matugunan ang mga pangangailangan ng Seksiyon 3140 o 7603 ng Kodigo ng Pamilya (Family Code).
☐ Miyembro ng ahensiya na nagpapatupad ng batas o kinatawan ng iba pang ahensiya ng gobyerno, ayon sa itinatakda ng batas, na nagsasagawa ng opisyal na gawain. (Kailangang magbigay ang mga kompanyang kumakatawan sa ahensiya ng gobyerno ng awtorisasyon mula sa ahensiya ng gobyerno).
☐ Anak, lolo o lola, apo, kapatid, asawa o domestic partner ng nakarehistro.
☐ Abugadong kumakatawan sa nakarehistro o pag-aari (estate) ng nakarehistro, o sinumang indibidwal o ahensiya na may kapangyarihan nang dahil sa batas o itinalaga ng korte na kumilos aa ngalan ng nakarehistro o pag-aari ng nakarehistro.
☐ Itinalagang may karapatan na power of attorney (pagbibigay ng kapangyarihan na kumilos bilang kinatawan) o bilang executor o tagapamahala ng pag-aari ng nakarehistro. (Mangyaring magsama ng kopya ng power of attorney o nagbibigay ng suportang dokumentasyon na tumutukoy sa inyo bilang executor.)

## IMPORMASYON NG APLIKANTE (PAKISULAT SA MALALAKING LETRA O I-TYPE) Petsa Ngayon:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan ng Ahensiya (kung naaangkop): | Numero ng Kaso ng Ahensiya | Dahilan ng Paghiling |
| Isulat sa Malalaking Letra ang Pangalan ng Aplikante | Lagda ng Aplikante | |
| Address para sa Pagpapadala -- Numero, Kalye | Halagang Nakalakip<br>HUWAG MAGPADALA NG CASH $ | Bilang ng mga Kopya |
| | Email Address | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Lungsod | | Pangalan ng Indibidwal na Tatanggap ng mga Kopya, Kung iba sa Aplikante | | |
| Estado/Probinsiya | ZIP Code | Address para sa Pagpapadala sa Koreo ng mga Kopya, Kung iba sa Aplikante | | |
| Pang-araw na Telepono (isama ang area code) | Bansa | Lungsod | Estado | ZIP Code |

## IMPORMASYON TUNGKOL SA REKORD NG kAPANGANAKAN (PAKISULAT SA MALALAKING LETRA O I-TYPE) Inampon: ☐ Hindi ☐ Oo (Kung Oo, tingnan ang #4 para sa Impormasyon at mga Instruksiyon)

| | | |
|---|---|---|
| Pangalang IBINIGAY NOONG IPINANGANAK | PANGGITNA na Pangalan | APELYIDO |
| Lungsod kung saan Ipinanganak (kailangang nasa California) | | County kung saan Ipinanganak |
| Petsa ng Kapanganakan - MM/DD/CCYY (kung hindi alam, isulat ang humigit-kumulang na petsa ng kapanganakan) | Kasarian<br>___Babae ___Lalaki | Nabago ba ang rekord?<br>___Oo ___Hindi |
| PANGALAN ng Ama/Magulang | PANGGITNA na Pangalan | APELYIDO |
| PANGALAN ng Ina/Magulang | PANGGITNA na Pangalan | APELYIDO (Pangalan noong Ipinanganak) |

| PARA SA OPISYAL | | | |
|---|---|---|---|
| | PETSA NG PAGKAKALOOB - BUWAN, ARAW, TAON | LRN | IBAPANG#NG MGA KOPYA |
| | NUMERO NG BANKNOTE | NUMERO NG RESIBO | ISINAGAWA NI: KINATAWAN |

## SINUMPAANG SALAYSAY (SWORN STATEMENT):

Ako, ________________________________________________, ay nagpapahayag, nang malay sa parusa sa pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California, (Nakasulat sa Malalaking Letra na Pangalan ng Aplikante)

na awtorisado akong indibidwal, ayon sa pagbibigay ng depinisyon ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California Seksiyon 103526 (c), at kuwalipikado akong makatanggap ng sertipikadong kopya ng sertipiko ng kapanganakan, kamatayan o pagpapakasal ng (mga) sumusunod na indibidwal:

| Pangalan ng Indibidwal na Nakalista sa Sertipiko | Relasyon ng Aplikante sa Indibidwal na Nakalista sa Sertipiko (Kailangang relasyon na Nakalista sa Pahina 1 ng Aplikasyon) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

*(Kailangang makumpleto ang natitirang impormasyon sa harap ng Notaryo Publiko o ng kawani ng Clerk ng County.)-*

Sinang-ayunan ngayong ika- __________ na araw ng ___________________, 20___, sa _________________________, ________________.
(Araw) (Buwan) (Lungsod) (Estado)

_______________________________________________
(Lagda ng Aplikante)

*Tala: Kung nagsusumite ng inyong order sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong ipanotaryo ang inyong Sinumpaang Salaysay gamit ang Sertipiko ng Pagtanggap (Certificate of Acknowledgement) na nasa ibaba. Kailangang kumpletuhin ang Sertipiko ng Pagtanggap ng Notaryo Publiko. Hindi nasasakop ang mga tagapagpatupad ng batas at ang mga lokal at pang-estadong ahensiya ng gobyerno sa itinatakdang pagpapanotaryo.*

---

## SERTIPIKO NG PAGTANGGAP (CERTIFICATE OF ACKNOWLEDGEMENT)

Pinapatunayan lamang ng notaryo publiko o iba pang opisyal na kumukumpleto sa sertipikong ito ang identidad ng indibidwal na pumirma sa dokumentong ito kung saan nakalakip ang sertipiko, at hindi ang katotohanan, katumpakan o pagkakaroon ng bisa ng dokumentong iyon.

Estado ng ___________________________)

County ng ___________________________)

Noong ____________________, sa aking harap, __________________, _______________________, personal na nakipagkita si/sina ______________________
(isulat ang pangalan) (isulat ang titulo)

na nagpatunay sa akin, batay sa katanggap-tanggap na ebidensiya na siya/sila nga ang (mga) taong nakasulat ang (mga) pangalan sa instrumento at tinanggap ang kototohanan na siya/sila ang nagsagawa ang gayon din sa kanya/kanilang mga awtorisdong kapasidad, at isinagawa ang instrumento ng (mga) tao, o ng entidad na kinakatawan ng kumilos na (mga) tao), sa pamamagitan ng kanya/kanilang (mga) lagda sa instrumento. Pinatutunayan ko sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa ilalaim ng mga batas ng Estado ng California na totoo at wasto ang naunang talata.

SAKSIHAN ang aking kamay at opisyal na tatak.
(TATAK)

_______________________________________________
LAGDA NG NOTARYO PUBLIKO